ANG MGA MANANAMPALATAYA
(1)

MGA SUSING PANGUNGUSAP

Taglay ng mga disipulo ng Panginoon
ang totoong presensiya ng Tres-unong Diyos bilang kanilang humihigit na kagalakan
upang gawin silang mga taong "tulad ni Hesus ang pagkatao,"
yaong mga kaibig-ibig, kabigha-bighani, at kaakit-akit
sa mga kinauugnay nila, nang walang anumang pandaraya o pagkukunwari.

Ang buhay na walang hanggan ay ang buhay ng Diyos kalakip ang dibinong kalikasan,
ang Tres-unong Diyos ay ang estraktura ng Bagong Tipan,
at ang Diyos ay isang Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili—ang nakakubling Diyos.

Sa pamamagitan ng ating paglago sa dibinong buhay sa loob ni Kristo bilang buháy na bato,
tayo ay tinatransporma tungo sa mahahalagang bato;
sa pamamagitan ng proseso ng transpormasyon,
ang Tres-unong Diyos ay isinasagawa sa loob natin at ibinubuong kasama natin
sa kapurihan ng kaluwalhatian ng Kanyang biyaya na Kanyang ipinambiyaya sa atin sa Minamahal
upang tayo ay maging ang Bagong Herusalem bilang kongklusyon ng buong Biblia
at mabuting balita sa buong sansinukob.

Si Kristo ang Kasintahang lalaki,
ang ekklesia bilang kasintahang babae ni Kristo
ay kailangang maging isang mandirigma upang talunin ang kaaway ng Diyos,
at sa pamamagitan ng espiritwal na pakikidigma
ang walang hanggang layunin ng Diyos ay ganap na naisasakatuparan.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Isa

Ang mga Disipulo, mga Mananampalataya, mga Banal, at mga Kristiyano

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 5:1; 28:19; 2 Cor. 6:14-16; 1 Cor. 1:2; 1 Ped. 4:16

I. Tayo ay mga disipulo ni Kristo, yaong mga sumusunod at natututuhan si Kristo ayon sa realidad na na kay Hesus, na siyang aktuwal na kondisyon ng Diyos-taong pamumuhay ni Hesus na nakatala sa apat na Ebanghelyo; ito ay ang maranasan si Kristo sa Kanyang mga karanasan nang sa gayon tayo ay maging Kanyang organikong pagpaparami at duplikasyon upang magkaroon Siya ng sama-samang kahayagan ng Kanyang sarili para sa Kanyang kaluwalhatian sa ekklesia at sa Bagong Herusalem—Mat. 5:1; 28:19; Efe. 4:20-24; 3:21; Isa. 43:7; Apoc. 21:11:

A. Tayo ay ginagawang mga disipulo mula sa pagiging natural na tao tungo sa pagiging Diyos-tao, ipinamumuhay ang dibinong buhay sa pamamagitan ng pagtatatwa ng ating natural na buhay ayon sa modelo ni Kristo bilang unang Diyos-tao; ito ang matutuhan si Kristo at maturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus, upang mapabago sa espiritu ng ating kaisipan sa pamamagitan ng salita ng Diyos nang sa gayon, tayo ay maging isang bago at sama-samang Diyos-tao—Efe. 4:23; Deut. 17:18-20:
   1. "Kung mananahan kayo sa Aking salita, kayo ay tunay ngang mga disipulo Ko; at malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo"—Juan 8:31-32, 36; 15:7.
   2. Sa pamamagitan ng may-pananalanging pagbabasa ng mga Kasulatan at ng pagkakaroon ng pandinig upang marinig ang sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia sa pamamagitan ng ministeryo ng salita, tayo ay ginagawang disipulo ng Panginoon sa pamamagitan ng pagiging natransporma sa pagpapabago ng ating kaisipan—Efe. 6:17-18; Apoc. 2:7; Roma 12:2; Efe. 4:23.
   3. Ang mapabago tayo sa ating kaisipan ay ang maalis ang lahat ng lumang konsepto hinggil sa mga bagay ng pantaong buhay sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga bagong kaisipan ng Diyos sa pagtuturo ng mga Banal na Kasulatan at pagliliwanag ng Espiritu Santo—Awit 119:105, 130.
   4. Upang maging mga disipulo ng Panginoon na naliligtas sa loob ni Kristo Mismo bilang buhay upang maghari sa buhay laban kay Satanas, sa kasalanan, at kamatayan, dapat tayong mabuoang muli ng banal na salita ng Diyos nang sa gayon tayo ay matagubilinan, mapamahalaan, mapamunuan, at makontrol ng salita ng Diyos—Roma 5:10, 17; Deut. 17:18-20; 2 Tim. 3:15-17.

B. Ang matutuhan si Kristo ay ang mahalinhan tayo ni Kristo sa pamamagitan ng pagkain kay Kristo; ang realidad na na kay Hesus (ang Diyos-taong pamumuhay ng indibidwal na Hesus) ay nagiging ang realidad ng Katawan ni Kristo (ang Diyos-taong pamumuhay ng sama-samang Kristo) sa pamamagitan ng ating pagkain kay Kristo upang tamasahin si Kristo bilang ating nagtutustos, nagpapasigla, nagpapalakas, at nagbibigay-kakayahang panustos, nang sa gayon ay mapili at maisagawa natin ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian sa ekklesia—Juan 6:57; Isa. 7:14-15; Juan 17:4; Heb. 5:8; Fil. 2:8; Juan 6:63; Jer. 15:16; Heb. 4:16; Roma 5:5, 17; 12:2; 2 Cor. 5:14; Efe. 3:20-21.

C. Natututuhan natin si Kristo sa pamamagitan ng paggising Niya sa atin umaga kada umaga nang sa gayon ay magkaroon tayo ng pandinig at dila ng isang naturuan upang alalayan ang nanlulupaypay sa pamamagitan ng salita; bilang mga disipulo ng Panginoon, ang Kanyang mga naturuan, dapat tayong umasa sa Kanya, magtiwala sa Kanyang pangalan, at hindi gumawa ng sarili nating liwanag—Isa. 50:4-5, 10-11.

D. Natututuhan natin si Kristo bilang ang Isa na maamo at may mapagpakumbabang puso, bilang ang Isa na ang pamatok ay madali at ang pasanin ay magaan, at bilang ang Isa na nagbibigay ng Kanyang sarili sa atin bilang kapahingahan (sakdal na kapayapaan at lubos na kasiyahan) para sa ating mga kaluluwa—Mat. 11:28-30.

E. Natututuhan natin si Kristo bilang ating naninirahan sa loob na lihim ng kasapatan upang ihayag ang mga katangian ng Diyos sa mga pantaong kagalingan ni Kristo, ipinamumuhay Siya para sa Kanyang pagpapadakila sa bawat uri ng kapaligiran, sitwasyon, at kalagayan—Fil. 4:5-13.

F. Natututuhan natin si Kristo bilang ang Isa na awa ang ibig ayon sa Kanyang umiibig at nagpapatawad na puso at Kanyang nagpapastol at naghahanap na espiritu—Mat. 9:12-13.

G. Nakita ng mga disipulo na sumunod sa Panginoon sa loob ng tatlo at kalahating taon kung ano ang Kanyang ginawa, kung paano Siya gumawi, at kung paano Siya nagsalita; ang Espiritu ng buhay at ng realidad na inihinga tungo sa loob nila (Juan 20:22) ang gagabay sa kanila sa lahat ng realidad ng kung ano ang naobserbahan nila sa Panginoon (16:13).

H. Ang Panginoong Hesus ay isang taong namuhay ng pantaong buhay sa pagkabuhay na muli, hindi sa pamamagitan ng Kanyang sarili kundi sa pamamagitan ng isa pang pinagmumulan, yaon ay, ang Kanyang Ama; kapag namumuhay tayo sa ating pagkatao sa pamamagitan ng isa pang buhay, sa pamamagitan ng Kristo na naninirahan sa loob natin, ginagawa tayo ng ganitong uri ng pamumuhay na mga tunay na disipulo ng Panginoon.

I. Taglay ng mga disipulo ng Panginoon ang totoong presensiya ng Tres-unong Diyos bilang kanilang humihigit na kagalakan upang gawin silang mga taong "tulad ni Hesus ang pagkatao," yaong mga kaibig-ibig, kabigha-bighani, at kaakit-akit sa mga kinauugnay nila, nang walang anumang pandaraya o pagkukunwari—Mat. 1:23; Awit 43:4; Roma 14:17; Neh. 8:10; Fil. 1:25; 4:5, 8-9; 1 Tim. 4:15-16.

J. Ang mga tagasunod ni Kristo ay ginawang mga disipulo sa pamamagitan ng pantaong pamumuhay ni Kristo sa lupa, bilang modelo ng isang Diyos-tao—ipinamumuhay ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatatwa ng Kanyang sarili sa pagkatao (Juan 5:19, 30), lubusang binabago ang kanilang konsepto hinggil sa tao (Fil. 3:10; 1:21a).

K. "Ako ay nasa pagbabawi na inoobserbahan kung paano kumilos si Kapatid Watchman Nee sa loob ng labing-walong taon. Ang lahat ng aking naobserbahan sa kanya ay naging mga bagay na nagdidisipulo sa akin" (*The Collected Works of Witness Lee, 1994-1997,* vol. 5*,* "The Vital Groups," p. 76).

II. Tayo ay mga mananampalataya kay Kristo, yaong mga may buhay at namumuhay sa pananampalataya ng Anak ng Diyos; pinawawalang-bisa tayo ng pananampalataya at sinasanhi tayong ipamuhay ang Diyos, ihayag ang Diyos, at ihain ang Diyos tungo sa mga tao—2 Cor. 6:14-16; Roma 1:17; Heb. 11:6; Gal. 2:20:

A. Ang mga mananampalataya kay Kristo (Juan 3:15-16) ay nailipat na mula kay Adam tungo kay Kristo (1 Cor. 15:22), naisilang na silang muli upang maging isang bagong nilikha kay Kristo (2 Cor. 5:17), naipagkaisa sila kay Kristo sa Kanyang buhay na walang hanggan, at naihugpong sila kay Kristo upang maging kaisang espiritu Niya (1 Cor. 6:17):

1. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, tayo ay naisilang nang dalawang beses; tayo ay isinilang sa unang pagkakataon upang maging natural na tao, ngunit isang araw, tayo ay isinilang na muli upang maipanganak na muli taglay ang dibino, walang hanggang buhay—Juan 3:6-7.
2. Ang ikalawa nating katibayan ng kapanganakan ng ating espiritwal na kapanganakan ay makikita sa Roma 8:16, na nagsasabi na ang Espiritu ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos; ang ating dibino at mistikong katibayan ng kapanganakan ay isang dobleng espiritu, ang Espiritu kasama ng ating espiritu, na naging kaisang espiritu ng Panginoon.

B. Kapag naririnig ng tao si Kristo, nakikilala Siya, hinahangaan Siya, at pinahahalagahan Siya, sinasanhi Niyang sumibol ang pananampalataya sa loob ng tao, binibigyang-kakayahan ang tao na sumampalataya sa Kanya; sa gayon, Siya ay nagiging ang pananampalataya sa loob ng tao na ipinangsasampalataya ng tao sa Kanya—Heb. 12:2.

C. Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig ng salita; kapag naririnig natin si Kristo at kinauugnay Siya bilang ang buháy na salita ng Diyos sa naisulat na salita ng Diyos, Siya ay nagiging ang naiaplay na salita bilang ang Espiritu na naipamahagi tungo sa loob natin upang maging ating pananampalataya; samakatwid, ang Diyos na naisakatawan kay Kristo at naisarealidad bilang ang Espiritu na naisama sa ating espiritu ay pananampalataya—Roma 10:17; Juan 1:1; 5:39-40; 6:63.

D. Ginigising ng pakikinig ng pananampalataya ang ating mapagmahal na pagpapahalaga, at lalo nating iniibig ang Panginoon, lalong gumagawa ang pananampalataya upang dalhin tayo tungo sa kayamanan, sa pakinabang, ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu—Gal. 3:2, 5; 5:6.

E. Sinasabi sa Roma 12:3, "Huwag mag-isip nang higit tungkol sa kanyang sarili kaysa sa nararapat niyang isipin, kundi mag-isip nang may kahinahunan, ayon sa sukat ng pananampalatayang ibinahagi ng Diyos sa bawat isa":

1. Ang mag-isip nang higit tungkol sa ating sarili kaysa sa nararapat nating isipin nang walang mahinahong kaisipan ay nagpapawalang-bisa sa wastong kaayusan ng buhay-Katawan; binigyan tayo ng Diyos ng parehong pananampalataya sa kalidad ngunit hindi sa kantidad; ang bagay ng kantidad ay nakadepende sa kung paano tayo lumalago; kung lumalago tayo ngayon gaya ng paglago ni apostol Pablo, ang bahagi ng pananampalataya na ating natanggap ay lubhang mapalalawak.
2. Ang laki ng pananampalatayang ibinabahagi ng Diyos sa atin ay nakadepende sa ating saloobin; kung hindi tayo mahinahon sa kaisipan (nag-iisip nang higit tungkol sa ating sarili kaysa sa nararapat nating isipin, hindi itinuturing ng isa't isa na higit na magaling kaysa sa ating sarili, at inaakala na tayo ay mahalaga gayong hindi naman), hindi daragdagan ng Diyos ang pagbabahagi Niya ng pananampalataya sa atin, at marahil ay babawasan pa Niya ito—Fil. 2:2-3; Gal. 6:3; 1 Cor. 8:1-3.

F. Tayong mga mananampalataya ay namumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga sumusunod na ugnayan kay Kristo:

1. Si Kristo ang puno ng ubas, at tayo ang Kanyang mga sanga—Juan 15:1-8.
2. Si Kristo ang Ulo, at tayo ang Kanyang mga sangkap—1 Cor. 12:27.
3. Si Kristo ang hininga ng buhay, ang tubig ng buhay, at ang tinapay ng buhay, at tayo ang mga humihinga, kumakain, at umiinom sa Kanya—Juan 20:22; 4:10, 14; 7:37-39a; 6:35, 51-63, 68.
4. Si Kristo ang Kasintahang lalaki at tayo ang Kanyang kasintahang babae—3:29; Efe. 5:25-27; Apoc. 19:7-9; 2 Cor. 11:2-3.
5. Si Kristo ang Ama ng mga ulila, at tayo ang mga ulila na naging Kanyang mga anak, tinatamasa ang Kanyang pangangalaga at pagliligtas, na nagpapahiwatig ng Kanyang pagsagip at pagliligtas araw-araw—Juan 14:18; Awit 68:5-6; Isa. 9:6; 22:19-22; Juan 1:12-13; 14:10; Awit 107:1-43; 110:4; Apoc. 2:1, 7; Heb. 7:25; Roma 5:10.
6. Si Kristo ang ating Manggagamot, at tayo ang Kanyang mga pasyente, tinatamasa Siya bilang ating Tagapagpagaling upang maging ating kapatawaran, katamasahan, kagalakan, kasiyahan, at kalayaan—Exo. 15:23-26; Marc. 2:1—3:6.
7. Si Kristo ang liwanag ng sanlibutan, at tayo ang Kanyang mga tagasunod nang sa gayon ay magkaroon tayo ng liwanag ng buhay at maging Kanyang tagapagpalaganap upang ipangalat ang dibinong liwanag—Juan 8:12; Mat. 5:14-16; Fil. 2:12-16; 1 Juan 1:5, 7, 9; Apoc. 21:23.

III. Tayo ang mga banal ng Diyos, yaong mga ibinukod at ginawang banal tungo sa Diyos—Roma 1:7; 1 Cor. 1:2, 30; cf. Bil. 6:1-9:

A. Tayo ay napabanal sa pamposisyon sa pamamagitan ng Kanyang nagtutubos na dugo—Heb. 13:12.

B. Tayo ay pinababanal sa pandisposisyon sa pamamagitan ng Kanyang banal na kalikasan—2 Tes. 2:13; Heb. 2:10-11; 1 Cor. 6:11; Efe. 5:26; 1 Tes. 5:23-24.

IV. Tayo ay mga Kristiyano, mga Kristo-tao, yaong mga kaisa ni Kristo, tinataglay si Kristo bilang ating masaganang nagtutustos na mga nilalaman sa organikong pakikipag-isa sa Kanya upang ipamuhay Siya para sa Kanyang pagpapadakila sa ating pang-araw-araw na buhay—Gawa 11:26; 26:28; 1 Ped. 4:16; 1 Cor. 6:17; 2 Cor. 4:7; Fil. 1:19-21a:

A. Ang gol ng pagiging Kristiyano at ang hantungan na itinalaga ng Diyos para sa atin sa Kanyang ekonomiya ay ang lumakad tayo sa pamamagitan ng Espiritu upang maipamuhay si Kristo para sa kaluwalhatian ng Diyos, ang Kanyang kahayagan—Gal. 2:20; 5:16, 25; 6:17; Isa. 43:7; 1 Cor. 6:20; 10:31.

B. Ang bawat Kristiyano sa lupang ito ay may espesyal na paglalakbay na itinalaga ng Panginoon sa kanya bilang isang nagpapangsyong sangkap ni Kristo para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan; kailangang tahakin niya mismo ang paglalakbay; walang sinumang maaaring humalili sa kanya, ni hindi niya maaaring halinhan ang sinuman—Gawa 13:22, 25, 36; 20:24; 1 Cor. 9:24; 12:14-22; 2 Tim. 4:7-8.

© 2026 Living Stream Ministry